

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 10  
Mayo 21, 2009  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Editoryal

# Rebolusyon ang magwawakas sa pagkaatrasado at karukhaan

**N**apakalaking kabulastugan ang deklarasyon ni Gloria Arroyo na mapapabilang na ang Pilipinas sa pinakamauunlad na bansa sa mundo pagsapit ng 2020. Binibilog lamang ni Arroyo ang ulo ng mga Pilipino sa paulit-ulit na pagsasabing ilang taon na lamang ay magwawakas na ang dantaon nilang kahirapan bunga ng kanyang mga pagsisikap at hakbang. Walang naniniwala sa pinalalabas ni Arroyo na kailangan niyang manatili sa poder upang maisalba ang Pilipinas at maihatid ito sa pangako niyang kaunlaran.

Dahil sa paglala ng krisis ng malapyudal na ekonomya sa bansa at ng paghagupit ng kasalukuyang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, lalo pang magiging atrasado ang kabuhayan sa Pilipinas. Ganito rin ang tantya maging ng mga imperyalistang ahenyang pampinansya.

Hangga't ang ekonomya ng Pilipinas ay nananatiling tagasuplay lamang sa mga imperyalista ng murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa, natatali sa pag-eeksport ng bahagyang naprosesong mga kalakal at hinuhuthutan ng supertubo gamit ang kaunting sobrang kapital, mananatili itong atrasado, agraryo at di industriyalisado. Palagian ding babayuhin ng permanenteng krisis ang Pilipinas at di ito uunlad kailanman sa ilalim ng bulok na sistema.

Hindi na umusad ang ekonomya at kabuuan ng lipunang Pilipino mula nang ipataw ng imperyalismong US ang kolonyal at neokolonyal na paghahari, pandarambong at pang-aapi. Mula noong dekada 1980, nang ipatupad ang imperyalistang patakarang "neoliberal na globalisasyon" at kaakibat



**Mga tam-pok**

**Pagkurakot sa pondo ng Balikatan**

PAHINA 3

**Mga paglabag sa karapatang-tao sa SMR**

PAHINA 8

**Panibagong krisis sa pulitika sa Nepal**

PAHINA 11

na liberalisasyon, deregulasyon, pleksibilidad sa paggawa, pribatisasyon at denasyunalisasyon ay higit pang lumala ang gayong kalunus-lunos na kalagayan.

Wala sa mga hungkag na pangako ni Arroyo ang kalutasan ng karalitaan at kadusta-dustang kalagayan ng mamamayang Pilipino. Bagkus, ang rehimeng US-Arroyo ang siya pang responsable sa patuloy na pagkaatrasado ng ekonomya at lipunang Pilipino. Walang anumang ginawa ang rehimeng ito para paunlarin ang ekonomya, industriya, agrikultura at kalidad ng buhay ng mamamayang Pilipino. Sinasagkaan pa nga nito ang pambansang industriyalisasyon, reporma sa lupa at mga programa at panukala para sa ikabubuti ng mamamayan.

Pinakamasugid itong tagapagpatupad ng mga patakaran ng imperyalistang "globalisasyon" na ibayong nagpapalalim sa kahirapang kinasasadlakan ngayon ng mamamayang Pilipino. Ang imperyalistang "globalisasyon" ay nagwawasak sa mga produktibong pwersa, sumasaid sa likas na yaman ng bansa at nagkakait ng pinakabayang mga panlipunang serbisyo

sa mga naghihikahos.

Rebolusyon lamang ang magwawakas sa pagkaatrasado at kabulukan ng bansa. Sa pamamagitan ng bagong demokratikong rebolusyon ay maibabagsak ang umiiral na malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan at makakamit ang pambansang kalayaan, demokrasya, katarungan, kapayapaan at kaunlarang higit daantaon nang ipinagkakait sa bansa at mamamayang Pilipino. Sa pamamagitan lamang nito mabibigyang-daan ang pag-unlad sa kabuhayan at kalidad ng buhay ng mamamayan.

Ang sosyalistang rebolusyon tungo sa pagtatatag ng ibayong mas maunlad na pampulitika at sosyal-ekonomikong sistema na ang pangunahing makikinabang ay ang uring manggagawa at masang anakpawis, ay kagyat na isusulong oras na makumpleto ang pambansang demokratikong rebolusyon.

Sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino, dapat puspusang labanan ang naghaharing rehimeng US-Arroyo at lahat ng iba pang papet at reaksiyunaryong rehimeng salalayan ng naghaharing sistema hanggang sa maibagsak at mapalitan ang buong bulok na sistema. **AB**

## Pag-aaral ng ADB Napakaatrasado ng Pilipinas

**I**nilabas nitong Mayo ng Asian Development Bank (ADB) ang isang komprehensibong pag-aaral nito na nagkukumpara sa inabot na pag-unlad sa kabuhayan at lipunan ng iba't ibang bansa sa daigdig. Ayon dito, aabutin ng dalawang siglo bago mapantayan ng Pilipinas ang kasalukuyang antas ng pamumuhay ng mga industriyalisadong bansa.

Batay sa kabuuang taunang produksyon kada tao sa Pilipinas (*per capita GDP*) na \$33.70 (₱1,588), aabot ng 175 taon bago maabot ang \$397.20 (₱18,722) na kasalukuyang taunang produksyon kada tao sa mga industriyalisadong bansa. Habang tuma-tagal ay lalo pang lumalaki ang agwat na ito.

Ayon pa sa ADB, aabutin ng 151 hanggang 240 taon bago maabot ng Pilipinas ang iba't ibang mga palatandaan ng mataas na kalidad ng buhay na inabot na ng mga industriyalisadong bansa, tulad ng sa literasiya, karaniwang inaabot na edad, serbisyo sa edukasyon at kalusugan at iba pa. Bagsak na bagsak ang Pilipinas sa lahat ng categoryang ito at kapantay ng Bangladesh at Nepal, dalawa sa pinakamaghihikahos na bansa sa buong mundo.

Ang totoo, hangga't nangatili ito sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema, hindi aabutin ng Pilipinas ang kaunlaran kahit ilang daang taon pa ang lumipas. **AB**



Taon XL Blg. 10 Mayo 21, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

### Editorial

|   |   |
|---|---|
| Rebolusyon ang magwawakas sa pagkaatrasado at karukhaan | 1 |
| Atrasado ang Pilipinas—ADB                              | 2 |
| Kawalan ng trabaho                                      | 3 |
| Mga kaso ng korapsyon                                   | 3 |
| Pilipina, ginahasa ng Amerikano                         | 4 |

### Pananalanta ng pasistang estado

|   |   |
|---|---|
| Sunud-sunod na pagtarget sa mga sibilyan        | 5 |
| Pabuya, katawa-tawa                             | 6 |
| Blokeyo ng pagkain                              | 6 |
| Mga salarin sa pagpatay kay Rebelyn, inabswelto | 7 |
| Mga paglabag sa SMR                             | 8 |

### Mga aksyong militar ng BHB

|                              |    |
|------------------------------|----|
| Paglaban sa pagmimina sa SMR | 9  |
| Krisis sa pulitika sa Nepal  | 11 |

|               |    |
|---------------|----|
| <b>Balita</b> | 12 |
|---------------|----|

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Kawalan ng trabaho, patuloy na lumalala

Ang lumalalang disempleyo sa bansa at ang inabot nang rurok nito sa kasalukuyan ay pinatutunayan ng pinakahuling sarbey ng Social Weather Stations (SWS). Sa sarbey na ito, lumalabas na 34.2% o 14 milyong Pilipino ang walang trabaho. Umabot naman sa tatlong milyon ang natanggal sa trabaho noong unang kwarto ng taon pa lamang. Tumaas din nang 20% ang tantos ng disempleyo mula noong Mayo 2005.

Ayon pa rin sa SWS, umaabot sa 16.7% ng mga pamilya ng mga nasibak sa trabaho ang nakararanas ng matinding gutom habang 16.9% ng mga walang trabaho ang naitalang nagugutom.

Samantala, sinabi naman ng Nielsen Company Phil. sa kaniyang sarbey na umaabot sa 26% ng mga Pilipino ang binabagabag ng kawalan ng katiyakan sa trabaho.

Malaking sampal sa Department of Labor and Employment (DOLE) at Malacañang ang ipinakikita ng SWS sarbey, ani Rep. Joel Maglungsoy ng partidong Anakpawis. Aniya, hindi natutugunan ng gubyrno ang lumalalang kawalan at tanggalan sa trabaho kahit pa may mga "job fair" na inilulunsad ang rehimen ng Arroyo.

Pilit ding itinatago ng gubyrno ang totoong bilang ng mga walang trabaho dahil ayon sa mga dinoktor na estadistika ng DOLE ay 7% lamang ang tantos ng disempleyo. **AB**

## Anomalya sa pagpepresyo ng *noodles*

Napilitan ang Department of Education (DepEd) na suspendihin ang kontrata ng suplayer nito ng *noodles* sa programang Food-For-School matapos mabunyag ang kahiya-hiyang pagpapalobo ng matataas na upisyal ng edukasyon sa presyo ng mga ito.

Suspendido ang kontrata ng Jeverps Manufacturing Corporation (JMC) habang iniimbestigahan ng Senado ang anomalya. Ibinigay ng DepEd sa JMC noong 2007 ang P284.13 milyong kontrata para magsuplay ng 15 milyong pakete ng *fortified noodles* (na umano'y may dagdag na bitamina). Napunta ulit sa JMC ngayong 2009 ang kontratang ito na umabot sa P427.21 milyon. Umaabot na sa P750 milyon ang halaga ng mga kontratang ibinigay ng DepEd sa JMC sa loob ng limang taon.

Matapos ikutan ang mga patakaran sa *bidding*, pinaboran ng DepEd ang JMC. Walang lisensya ang JMC, ayon mismo sa Bureau of Food and Drugs.


Sa kontrata noong 2007, P18 ang

itinakdang presyo ng *noodles* samantalang mabibili ang bawat pakete nito sa presyong P4.50 sa lokal na pamilihan. Ngayong taon, pinatungan pa ng P4.00 ang dating P18 presyo ng *noodles* kaya P22 na ito ngayon. Sa kabuuan, umaabot sa P251 milyon ang patong sa kontrata ngayong taon.

Katawa-tawang ikinakatwiran ang mas mahal na presyo nito sa pagsasabing mayroon umano itong sariwang itlog at malunggay. Pero kahit ito ay napatunayang peke. Ayon sa pagsusuri ng mga ahensya sa Hong Kong, Malaysia, South Korea at Vietnam, gawa lamang sa arina at betsin ang *noodles*, walang sariwang itlog kundi *egg powder* lamang at wala ring malunggay. Sa pagdinig ng Senado, katawa-tawang sinabi ng isang upisyal ng DepEd na P60-P100 kada 100 gramo ang presyo ng malunggay

kaya mataas ang presyo ng *fortified noodles*.

Ang totoo, para ito sa masisiba at walang kabusugang upisyal ng gubyrno na nagsasamantala sa kahirapan ng mga batang Pilipino. **AB**



## Pondo ng Balikatan, ibinubulsa ng matataas na upisyal-militar

Halos P250 milyon ang pondong ipinasa ng gubyrno ng US para bayaran ang mga nagastos ng mga sundalong Amerikano sa Balikatan noong 2006 at 2007 na inabonohan muna ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Pero sa halip na ientrega ito sa Philippine National Treasury ay iligal ito ngayong nakalagak sa isang bangko para umano sa Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa ilalim ng Western Mindanao Command (Westmincom). Dahil napakaliit na bahagi ng nakalaan para sa

mga elemento ng CAFGU ang aktwal na ibinibigay at ginagastos para sa mga pangangailangan nila, ang pondo para umano sa CAFGU ay isa sa pinakamalalaking pinanggagalingan ng mga kurakot ng mataas na upisyal ng AFP.

Ito ang natuklasan ng Commission on Audit (COA) nang suriin nito ang galaw ng pondo ng AFP noong mga taong nabanggit. Nangangahulugan na di hamak na mas mataas pa ang halagang sangkot sa mga iregularidad kaysa sa unang naiulat na ni Lt. Senior Grade Nancy Gadian ng Philippine Navy. Ayon kay Gadian, tagapangasiwa ng *civil-military operations* ng Balikatan noong 2007, mahigit P40 milyon ang ibinulsa ng matataas na upisyal militar mula sa pondo ng RP-US Balikatan *exercises* noong 2007.

Ayon kay Gadian, P4 milyon ang kabuuang upisyal na nakalaan para sa implementasyon ng pinangasiwaan niyang CMO ng Balikatan, pero P2.3 milyon lamang ang aktwal na ibinahagi sa tanggapan niya. Ang balanse nito ay hindi ibinigay ng hepe noon ng Westmincom, si Lt. Gen. Eugenio Cedo.

Ibinunyag ni Gadian na ang mas malaki pang pondo para sa Balikatan 2007, na umabot sa P46 milyon, ay pinagkutsabahang paghati-hatian nina Cedo at iba pang mataas na upisyal ng Westmincom at AFP. Isisiwalat pa ni Gadian sa hinaharap ang mga detalye at dokumentong magpapatunay sa mga ito.

Bilang ganti sa kanyang pagbunyang at para busalan siya, ipinaaresto si Gadian at may "shoot-to-kill order" na rin laban sa kanya. Nagpetisyon na sa Korte Suprema ang kapatid ni Gadian para magawaran siya ng *writ of amparo*.

Sinuportahan ang petisyon ng BAYAN, Bayan Muna, Gabriela Womens' Party, Anakpawis at Kabataan Party, ilang senador at ng ilang pari mula sa Catholic Bishops' Conference of the Philippines. **AB**

## Isa na namang Pilipina, ginahasa ng sundalong Amerikano

**I**sa na namang Pilipina ang ginahasa ng isang sundalong Amerikano. Isang estudyanteng nagpakilalang si Vanessa ang nagsabing siya'y ginahasa ng isang upisyal ng Joint US Military Assistance Group na kalahok din sa Balikatan *military exercises*.

Ayon sa kanyang salaysay, unang nagpakilala sa kanya ang naturang upisyal sa isang *club* sa Makati nang mamasyal siya rito kasama ang kanyang mga kaibigan noong Abril 10. Matapos ito'y nagkita pa sila nang dalawang pagkakataon sa iba pang mga *club* sa naturan ding syudad.

Noong Abril 19 ay tinawagan siya ng naturang upisyal para imbitahan sa isa umanong kasiyahan sa loob ng isang kwarto sa isang mamahaling hotel sa Makati. Dadalo rin umano rito ang iba pang kaibigan at ang kasintahan ng upisyal.

Nang dumating sa kwarto si Vanessa at makita niyang walang ibang tao roon ay napagtanto niyang nilansi lamang siya ng upisyal. Paalis na sana siya nang mariin siyang sampalin ng upisyal. Ihinagis siya sa kama, sinakal at ginahasa.

Kinabukasan ay idinulog niya ang kanyang kaso sa GABRIELA, na siyang tumulong para maipasuri siya sa doktor at makahingi siya ng payo sa abugado. Inireport din niya ang pangyayari sa pulisya at dumaan sa medikoligal na pagsusuri na nagpatunay na siya ay ginahasa.


Noong Mayo 15 ay binasa niya ang

kanyang pahayag sa harap ng mga kagawad ng midya.

Ang panggagahasa kay Vanessa ay naganap apat na araw lamang bago baligtarin ng Court of Appeals ang hatol kay Lance Cpl. Daniel Smith na gumahasa sa Pilipinang si Nicole noong 2005 sa Subic Bay Freeport. Ang pagpapawalang-sala kay Smith ay bunga ng kutsabahan ng rehimeng Arroyo at gubyrno ng US para salbahin ang Visiting Forces Agreement na ipinababasura na ng maraming sektor dahil sa di makatarungang proteksyong iginagawad nito sa mga nagkakasalang sundalong Amerikano sa Pilipinas.

Pinawi ng pagkakaabswelto ni Smith ang anumang pag-asa ni Vanessa na kamtin ang katarungan sa husgado. Tuwiran na niyang idinulog sa mamamayan ang kaso niya. Gayunpaman, hinihimok pa rin siya ng GABRIELA na kamtin ang anumang makakamit sa prosesong ligal.

Mariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang panggagahasa kay Vanessa. Nanawagan ito sa mamamayan na igiit ang pagbabasura sa lahat ng di pantay, di makatarungan at mapang-aping kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas. Sa pagpawi lamang ng mga balakid na ito makakamtan ang katarungan para kay Vanessa at iba pang biktima ng pang-aapi ng imperyalismong US sa bansa. **AB**



STOP the RAPE  
of our WOMEN!  
US Troops  
OUT NOW!  
-GABRIELA

# Sunud-sunod na pagtarget sa mga sibilyan

**S**unud-sunod ang kaso ng pagtarget ng pasistang militar sa mga inosenteng sibilyan. Kabilang sa mga biktima ang kapatid ng isang militanteng lider sa Batangas, isang magsasaka sa Albay, isang Ata-Manobo sa Davao del Norte at mga komunidad ng Moro sa Maguindanao.

**Mayo 14.** Binaril at napatay ng dalawang lalaking nakamotorsiklo si Felipe Bautista, 30, sa bayan ng Calaca, Batangas. Nangyari ang pamamaslang habang nakasakay ang biktima sa kanyang *scooter* bandang alas-7:30 ng gabi. Nasugatan din sa kaliwang paa sanhi ng ligaw na bala ang isang 12-taong gulang na bata na nakasakay sa traysikel.

Si Felipe ay kasapi ng Samahan ng mga Magbubukid ng Batangas, na kaanib ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Nakababata siyang kapatid ni Agaton Bautista, *provincial coordinator* ng partidong Anakpawis sa Batangas.

**Mayo 12.** Iligal na pinasok at pinaghahalughog ng mga elementong militar ang mga bahay sa Barangay Salvo at Tatapan sa Datu Saudi Ampatuan, Maguindanao. Maging ang mga bahay ng mga upisyal at empleyado ng guberno ay hindi nakaligtas. Makailang beses nang nangyayari ang ganitong mga insidente sa mga komunidad ng Moro sa Mindanao mula nang pumutok ang matitinding labanan sa pagitan ng MILF at AFP noong kalagitnaan ng 2008.

**Mayo 11.** Pinaslang ng mga elemento ng 2nd IB si Danilo Nuel, residente ng Sityo Kagnanaga, Barangay del Rosario, Jovellar, Albay. Natagpuan ang kanyang bangkay sa kalapit na Barangay Nabasan. Iniulat ng 2nd IB na isa umano siyang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na kanilang napatay sa

isang engkwentro. Ngunit ayon sa *blotter* ng pulisya ng Jovellar, si Nuel ay isang karaniwang magsasaka lamang.

Sa isang pahayag, sinabi ng Santos Binamira Command ng BHB-Albay na si Nuel ay pinagbuntunan ng galit ng mga pasistang militar matapos magtamo ng mga kaswalti nang makasagupa nila ang isang pangkat ng BHB bandang alas-12 ng tanghali noong araw na iyon. Ligtas na nakatras ang BHB ngunit sa operasyong pagtugis ng militar ay dinampot ng mga sundalo si Nuel, na abala noon sa pagkokopra. Dalawang oras makaraan nito, natagpuan siyang wala nang buhay sa Barangay Nabasan.

**Mayo 6.** Pinagbabaril ng mga sundalo ang dalawang minoryang Tumanduk habang papauwi ang mga ito sa kanilang baryo sa Rizal Sur, Tapaz, Capiz. Nakasalubong nina Jason Eulalio, 47, at Charito Caspillo, parehong residente ng naturang lugar, ang isang platung hindi nakauniporme at armado (napag-alamang ang mga ito ay mga sundalo ng 47th IB ng 3rd ID na nasa "Field Training Exercise on Jungle Survival"). Nagtago ang dalawa sa pag-aakalang mga kalaban nilang mga taga-tribong Aklanon ang nakasalubong. Nagkaroon ng putukan at ang unang tinamaan ay si Eulalio. Nang matamaan din si Caspillo ay nagtaas siya ng kanyang mga kamay at nagpakila-

lang sibilyan. Ngunit pinagbabaril pa rin siya ng mga militar dahil anila, isa umano siyang kasapi ng BHB.

Pinabulaanan ang akusasyong ito ng mga kababaryo ni Caspillo sa pampublikong pagdinig na isinagawa ni Sen. Ana Consuelo "Jamby" Madrigal ng Committee on Cultural Minorities ng Senado noong Mayo 17 sa Roxas City.

Dinala si Caspillo sa ospital subalit namatay siya noong Mayo 13. Buntis siya noon.

**Abril 14.** Walang awang pinaslang ng mga elemento ng 60th IB si Kapis Butod, isang Ata-Manobo at residente ng Sityo Melangsad, Barangay Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte. Pinagpipilitan ng mga sundalo na si Butod ay kabilang sa mga Pulang mandirigmang nang-ambus sa kanila noong Abril 13 sa kalapit na Sityo Damagan dahil lamang may nakita silang maliit na sugat sa kanyang kamay. Ayon sa mga kapamilya ni Kapis, nasugatan ang biktima nang gumawa siya ng tirador.

Pinahirapan muna si Butod bago siya pinatay. Binali ang kanyang mga daliri at paulit-ulit na hiniwa ng itak ang kanyang kanang hita hanggang sa magkaroon siya ng sugat na 10 pulgada ang haba. Itinulak ang duguang biktima palapit sa isang puno ng niyog at inutusan siyang yakapin ito. Pagkatapos nito'y pinaulanan siya ng bala.

Ninakaw din ng mga sundalo ang ₱7,000 kinita ng ama ni Kapis nang ibenta nila ang kanilang kalabaw.

Dahil sa takot, hanggang ngayon ay hindi pa umuuwi sa kanilang mga tahanan ang mga residente ng Sityo Melangsad at nakikituloy lamang sila sa kanilang mga kamag-anak sa ibang mga barangay. AB



# Pabuya sa ikadarakip nina Sison, Rosal, katawa-tawa


**K**inantiyawan lamang ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang P15 milyong alok na pabuya ng rehimeng US-Arroyo sa ikadarakip nina Kasamang Jose Ma. "Ka Joema" Sison at Gregorio "Ka Roger" Rosal at sinabing iyon ay paraan lamang para mabaling ang mga batikos laban sa nagpapatuloy na pampulitikang pamamaslang at pagdukot sa bansa.

Ang P15 milyong pabuya (P10 milyon kay Sison at P5 milyon kay Rosal) ay inianunsyo ng Philippine National Police (PNP) bilang tugon sa pagbubuo ng rehimeng Arroyo ng P25 milyong pondo para matigil na umano ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa bansa. Inianunsyo ni Gloria Arroyo ang pagbubuo ng naturang pondo makaraang muling umani ng batikos ang kanyang pamahalaan sa taunang pulong ng United Nations Human Rights Council (UNHRC) sa Geneva, Switzerland noong Abril 29.

Hindi lamang katawa-tawa kundi sinungaling at malisyoso ang alok na pabuyang ito dahil pinalalabas nina Arroyo at mga alipures niya sa militar at pulisya na ang pagdakip sa dalawang lider ang makaresolba sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa bansa. Desperadong ibinabaling ng rehimeng Arroyo ang sarili nitong mga krimen sa rebolusyonaryong kilusan habang nagkukunwaring may ginagawa itong mga hakbang para tapusin ang pampulitikang pamamaslang.

Sa pulong ng UNHRC nitong Abril 24-29 na dinaluhan nina Gen. Eduardo Ermita, Atty. Leila de Lima ng Commission on Human Rights at Marie Hilao-Enriquez ng Karapatan at mga biktima ng tortyur na sina Pastor Berlin Guerrero at Raymond Manalo, isinumite ni Prof. Philip Alston, Special Rapporteur ng UN

ang kanyang 16-pahinang ulat na tahasang tumutukoy sa *command responsibility* ni Arroyo sa nagpapatuloy na mga pampulitikang pamamaslang sa bansa. Ito ay *follow-up report* ng nauna na niyang mga ulat noong Pebrero 2007 at noong 2008. Ikinabahala rin ni Alston ang pagpasok sa Kongreso ni Gen. Jovito



Palparan, na sangkot sa mga kaso ng pamamaslang.

Ibinibintang kina Sison at Rosal ang pagpaslang noong 1998 kay Nelson Nadura, isang dating kasapi ng rebolusyonaryong kilusan na tumiwalag at sa kalaunan ay naging broadcaster sa Masbate. Lantad na lantad sa Masbate na si Nadura ay ipinapatay ng isa sa mga pulitiking madalas niyang batikusin sa kanyang programa sa radyo.

Ang pabuya para sa pagpapadakip kina Sison at Rosal ay paglabag din sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na nakamit sa mga usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at ng reaksyunaryong gubyerno. Nagsisilbing panibagong hadlang ito sa pagpapatuloy ng usapan. **AB**

## Blokeyo sa pagkain, iniutos ng militar sa Maguindanao

**N**angagugutom ngayon ang mga bakwit sa Maguindanao matapos Nipatupad ng militar ang pagboblokeyo sa pagkain. Ang hakbanging ito ay iniutos ni Col. Menardo Geslani, hepe ng 601st IB ng Philippine Army na nakabase sa Maguindanao. Noon pang nakaraang Abril sinimulan ng mga sundalo ang pagharang sa mga pagkaing donasyon ng mga makataong organisasyon, ayon sa mga upisyal ng barangay.

Kahit ang International Committee of the Red Cross (ICRC) at United Nations World Food Programme (UNWFP) ay nagrereklamo rin dahil nahihirapan sila sa pagpapapasok ng mga pagkain at pagbibis-

sundan "Blokeyo..." pahina 7

"Blokeyo...", mula pahina 6

gay ng libreng serbisyo sa mga sentro ng ebakwasyon.

Apektado ng blokeyo sa pagkain ang mga nagsilikas mula sa mga bayan ng Datu Piang, Talayan, Datu Saudi Ampatuan at Guindulungan. Ayon sa mga upisyal ng mga barangay, pinagbabawalan silang tumanggap ng pagkain dahil may hinala si Geslani na napupunta lamang ito sa mga kamag-anak ng mga kasapi ng Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Inireklamo rin ng mga bakwit na ang mga sundalo mismo ng 601st Bde ay nagkakampo rin sa mga sentro ng ebakwasyon. Ipinambububong ng mga sundalo ang mga tolda at iba pang kagamitan na bahagi ng *relief goods* na ipinamamahagi sa mga bakwit.

Samantala, nababahala si Stephen Anderson, UNWFP Country Director and Representative in the Philippines sa lumalaking bilang ng mga mamamayan sa Mindanao na pwersahang napalipas dahil sa nagpapatuloy na opensibang militar laban kay Kumander Ameril Umbra Kato ng MILF. Sa pinakahuling tala ng UNWFP, umaabot na sa 45,000 pamilya ang nagsilikas sa kanilang mga tirahan sa Central Mindanao.

Nitong Mayo 13, iniulat na umaabot sa 10,964 na pamilya ang lumikas mula sa ilang bayan ng Maguindanao at Cotabato. Partikular sa Maguindanao, may naitalang 53,335 bakwit na nagmula sa mga barangay ng Ganta, Bakat, Inaladan at Pendetin sa Datu Saudi Ampatuan at mga barangay ng Dasawao at Tee sa Datu Piang. Nadagdagan na rin ito ng 296 na pamilya mula sa bayan ng Midsayap, Cotabato. **AB**

## Mga salarin sa pagpaslang kay Rebelyn, inabswelto

**K**inundena ng Merardo Arce Command ang hungkag na imbestigasyon ng Task Force (TF) Rebelyn na binuo ng Philippine National Police (PNP), National Bureau of Investigation (NBI) at iba pang ahensya ng gubyrno para tukuyin ang may kagagawan sa pagdukot, panggagahasa, pagtortur at pagpatay kay Rebelyn Pitao, anak ng Pulang kumander na si Leoncio "Ka Parago" Pitao. Anito, walang ibang layunin ang naturang *task force* kundi pawalang-sala ang AFP at sisihin ang rebolusyonaryong kilusan sa karumal-dumal na krimen.

Kasuklam-suklam hindi lamang ang pagpapawalang-sala ng TF Rebelyn sa mga pinagsususpetsahang elemento ng militar sa mababaw na pagdadahilang wala silang makitang testigo laban sa mga ito. Nagmaang-maangan na lamang ang *task force* matapos tumanggi ang mga ahensyang paniktik ng militar na ilitaw ang 13 pinangalanang ahente nitong suspek sa krimen.

Mas nakasusuka pa ang pinalalabas nilang may pananagutan ang ama ni Rebelyn sa krimen. Pinalulutang nila ang gawagawang kwento na ang pagpatay kay Rebelyn ay

ganti sa pagkakapaslang kay Roger Narvasa, isang *rebel returnee*, noong nakaraang Pebrero sa Paquibato. Ipinagkakalat din ang kwentong may kinalaman ang rebolusyonaryong kilusan sa krimen dahil sa diumano'y korapsyon ni Ka Parago. Pinaiimbestigahan ngayon ng *task force* sa Anti-Money Laundering Council at Registry of Deeds ang asawa niyang si Evangeline at ang anak na si Rio.

Malinaw na ang tunay na layunin nito ay ipitin pang lalo si Ka Parago at ang natitira niyang kapamilya gamit ang mismong pagpaslang kay Rebelyn. **AB**



## Demolisyon para sa South Rail project

**U**mabot sa mahigit isang libong pamilya ang napilitang lumikas at nawalan ng bahay matapos ang serye ng mga demolisyon noong Abril 27-29 sa kahabaan ng riles sa Muntinlupa.

Ayon sa Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY)-Muntinlupa, sinaklaw ng demolisyon ang buong District 1 ng nasabing syudad kabilang ang tabing riles sa kahabaan ng Cupang, Sucat at Alabang. Isinagawa ang demolisyon ng 600-kataong *demoliton team* ng National Housing Authority, Philippine National Railway (PNR), PNP at SWAT-Muntinlupa.

Binatikos ng KADAMAY-Muntinlupa ang South Rail Project dahil magbubunsod ito ng kawalan ng tirahan at trabaho sa mamamayan. Anila, mga dayuhang mamumuhunan at ang rehimeng Arroyo lamang ang makikinabang dito. Nanawagan sila na itigil ang demolisyon at paunlarin ang kabuhayan ng mamamayan sa tabing riles. **AB**

# Pasistang karahasan sa Southern Mindanao

Nilabas na ng International Solidarity Mission (ISM) ang resulta ng pagsisiyasat nito na isinagawa sa Southern Mindanao noong Mayo 14-19. Ang ISM ay kinabibilangan ng 350 progresibong mambabatas, tagapagtaguyod ng kapayapaan, tagapagtanggol ng karapatang-tao, estudyante at mga propesyunal sa kalusugan mula sa Pilipinas, Australia, South Korea, Argentina, Malaysia at Germany.

Sa partikular, tinutukan ng ISM ang mga bayan ng New Bataan, Compostela at Monkayo sa Compostela Valley; Paquibato District sa Davao City; bayan ng Sta. Cruz sa Davao del Sur; at Tampakan, South Cotabato. Ang mga lugar na ito ang pinupuruhan ngayon ng mga operasyong militar ng 10th ID ng Eastern Mindanao Command ng AFP.

Nakapanayam ng mga delegado ang mga kamag-anak ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang at mga biktima mismo ng tortyur, pambubugbog, sapilitang pagpapalikas at iba't ibang paninikil sa mga karapatang sibil at pampulitika.

Napag-alaman ng ISM na umaabot na sa 100 ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa rehiyon. Sa buong Southern Mindanao, may abereyds na 100 tao bawat araw ang naitalang biktima ng iba't ibang paglabag sa karapatang-tao sa loob

ng 11 buwan noong isang taon.

Nakakuha rin ang ISM ng kopya ng "order of battle" ng AFP sa Southern Mindanao na naglalaman ng 110 pangalan ng mga lider at aktibistang masa, mga taong simbahan at iba't iba pang personahe.

Dito'y pinangalanan din ang mga progresibong organisasyon tulad ng BAYAN, Bayan Muna, Kilusang Mayo Uno at Samakana bilang bahagi umano ng "united front" ng Partido Komunista at target ng atake-militar ng AFP.


Isang power-point presentation naman ng 10th ID na pinamagatang "Holistic Approach in Dismantling Guerrilla Front Committees" ang tumutukoy sa pagbubuo sa kalunsuran ng mga Special

Counter-Urban Terrorist (SCOUT) Teams na kinabibilangan ng mga elemento ng pulisya, Military Intelligence Battalion at Military Intelligence Group 11. Iniugnay dito ng ISM ang nakababahalang paglaki ng bilang ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga syudad at sentrong bayan ng Southern Mindanao. Sa partikular, iniugnay dito ng ISM ang pagpaslang kina Rebelyn at Danilo Pitao, Celso Pojas, Danilo Cualbar, Ludenio Monzon, Maximo Baranda at Eliezer Billanes. Pinagtangkaan ding patayin ang lider-unionista na si Liza Alo noong Mayo 16 sa Compostela Valley habang isinasagawa roon ng ISM ang pagsisiyasat nito. Anang ISM, ang kapangahasang ito ay patunay na suportado ng 66th IB at 1001st Brigade ng 10th ID ang mga *death squad* sa Compostela Valley.

Tinuligsa ng ISM ang 10th ID dahil sa patuloy nitong paggamit ng mga elementong militar, operatibang paniktik, lokal na *goons* at iba pang mga armadong elemento at aset ng militar sa takbo ng mga operasyong *counter-insurgency* nito. Bunga nito, anang ISM, dadami ang mga sibilyang mabibiktima, mas maraming ekstrahudisyal na pamamaslang ang magaganap at mas dadami ang iba pang kaso ng paglabag sa karapatang-tao.

Ilan sa mga iginiit ng ISM ang pagpapaalis ng AFP sa mga eryang makapal ang sibilyang populasyon; pagtitiwalag sa mga upisyal ng 10th ID na nakatalaga sa mga lugar kung saan mataas ang bilang ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang; at pagtigil sa kampanya ng paninira laban sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon.

AB







BINATIKOS ng United Nations (UN) Committee Against Torture ang isinumiteng ulat ng rehimeng Arroyo hinggil sa pagtali-  
ma umano nito sa pandaigdi-  
gang kasunduan laban sa tortyur. Ayon sa UN, bukod sa nahuhuli nang 16 na taon ang ulat, bigo ang rehimeng Arroyo na tugunan ang 1984 Convention Against Torture and Other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment dahil sa kabagalan nitong magsampa ng mga kaso laban sa tortyur at katulad nitong mga brutal na gawain.

Pinuna rin ng komite ng UN ang guberno ng Pilipinas dahil kulang na kulang sa datos ang ulat nito hinggil sa pagpapatupad ng mga probisyon ng Convention at kung papaano ito nasasalamain sa mga batas ng bansa.

Tinalakay ng UN Committee Against Torture ang ulat ng Pilipinas sa isang kumperensya sa Geneva, Switzerland noong Abril 27 hanggang Mayo 15. Dito nagpahayag ng lubhang pagkabahala ang komite sa namamayaning “*culture of impunity*” kung saan ang mga pulis, militar at iba pang matataas na upisyal ng guberno na nagplano, nag-utos o nagsagawa ng tortyur at iba pang paglabag sa karapatang-tao ay hindi naparurusahan.

Tinukoy din nito ang harassment at pandarahas sa mga tagapagtanggol ng karapatang-tao. Anito, biktima rin ng malalalang paglabag sa karapatang-tao ang mga Lumad sa Mindanao, mga Igorot sa Cordillera, mga aktibistang manggagawa at magsasaka at mga kagawad ng midya, tauhang medikal at taong simbahan.

## **12 armas, nasamsam ng BHB sa reyd sa Camarines Sur**

**M**atagumpay na sinalakay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang detatsment ng 22nd IB at CAFGU sa Barangay Lubigan Jr., Sipocot, Camarines Sur nitong Mayo 19. Naagaw ng mga gerilya ang detatsment matapos tumalilis ang mga sundalo at tauhan ng CAFGU.

Ayon sa mga panimulang ulat, nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng anim na karbin, apat na garan at dalawang M14 mula sa detatsment.

Pinabulaanan naman ni Ka Greg Bañares, tagapagsalita ng NDF-Bicol, ang naunang ulat ng AFP na may nasawing anim na gerilya sa naturang labanan. Aniya, mismong ang pulisya sa lugar ang makapagpapatunay na walang anumang pinsalang tinamo ang BHB.

Samantala, limang sibilyan ang iligal na inaresto ng mga sundalo sa

kanilang mga operasyong pagtugis. Ang mga biktima ay sina Michael Mayores, Ramon Andes, Henry Lopez, Alfredo Lopez at Emil Luzon na pawang taga-Sityo Maguimoay, Calabnigan.

Sa Palawan, dalawa namang sundalo ng Marine Battalion Landing Team 9 ang napatay nang tambangan sila ng isang tim ng BHB sa Barangay Kemdeng, San Vicente noong Mayo 15. Nakasakay ang dalawang elemento ng Philippine Marines sa motorsiklo nang ambusin sila bandang alas-5 ng hapon.

## **POW, pinalaya sa Compostela Valley**

**L**igtas at matiwasay na pinalaya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Mayo 11 ang bihag ng digma na si Pvt. Ronnie Trinidad (Serial Number 972291) ng Charlie Company ng 66th IB. Ayon sa Merardo Arce Command ng BHB sa Southern Mindanao Region (MAC-SMR), ipinasa ng isang *custodial unit* ng BHB ang sundalo sa mga lider-relihiyoso sa Barangay Ngan, Compostela Valley.

Ipinamalas ng rebolusyonaryong pwersa ang pampulitikang kapangyarihan nito sa *unilateral* na pagpapalaya kay Trinidad batay sa makataong kunsiderasyon. Ang sundalo ay inaresto sa isang tsekpoyn ng pinagsanib na mga pwersa ng Front 25 Operations Command at ng 5th Pulang Bagani Coy ng BHB sa Sityo Bongloy, Barangay Pagsabangan, New Bataan sa Compostela Valley noong Abril 28. Tinrato siya nang maayos alinsunod sa mga probisyon ng International Humanitarian Law, ani Ka Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng MAC-SMR.

Inimbestigahan ang posibleng pagkakasangkot ni Trinidad sa mga krimen laban sa mamamayan kaugnay ng pagsasakatuparan ng Oplan Bantay 2 ng rehimeng US-Arroyo. Ayon sa MAC-SMR, bagamat si Trinidad ay bahagi ng pasistang makinarya ng rehimen sa ilalim ng 66th IB-1001st Brigade ng 10th Infantry Division ng AFP, walang nakitang personal na pananagutan ang bihag sa mga krimen laban sa mamamayan. Si Trinidad ay dadalawang buwan pa lamang sa AFP.

**AB**

# Pakikibaka ng mamamayan laban sa mapangwasak na pagmimina sa Davao Oriental

**L**umalaganap ang iba't ibang aksyong masa sa Davao Oriental laban sa pagdagsa ng malakihang pagmimina sa prubinsya. Nilalabanan ng mamamayan ang pangwawasak sa kalikasan na laging kakambal ng mga operasyon ng malalaking kumpanya sa pagmimina. Kinukundena nila ang mga maniobra ng mga dambuhalang kumpanya sa pagmimina para mailusot ang kanilang mga operasyon.

Batid ng mamamayan dito ang pangangailangang sumandig sa kanilang sariling lakas dahil wala silang maaasahan mula sa korap at reaksyunaryong rehimeng US-Arroyo. Noong Mayo 13, halimbawa, hinarang ni Rep. Ignacio Arroyo, pinuno ng House Committee on Environment and Natural Resources ang imbestigasyon sa kaso ng pangangamkam ng mga minahang BHP Billiton at Asiaticus Management Corporation (Amarcor) sa mga lupaing ninuno ng tribong Mandaya sa Mati, kabisera ng Davao Oriental.

Ang imbestigasyon ay bunga ng pagsisikap ni Bayan Muna Rep. Teddy Casiño noon pang nakaraang taon. Katambal nito ang nakasalang na resolusyong inihapag ni Sen. Ana Consuelo "Jamby" Madrigal noong 2008 na nag-aatas sa Committee on Cultural Communities ng Senado na imbestigahan ang eksplorasyon ng naturang mga korporasyon sa deklaradong protektadong lupain at karagatan sa Mati City at iba pang bahagi ng Davao Oriental.

Ang nasabing mga resolusyon ay produkto ng sunud-sunod na mga aksyon at kampanyang masa na inilunsad ng mamamayan laban sa mapanirang pagmimina sa Davao Oriental at sa buong isla ng Mindanao mula pa noong 2007.

Noong Nobyembre 2008, ibinunyang ng mga residente ng Baryo Macambol sa Mati ang mga maanomalyang hakbang ng BHP Billiton-

Amarcor para itulak ang kanilang bil-yong dolyar na proyekto sa pagmimina. Katuwang dito ng mamamayan ang simbahang Katoliko at mga grupong maka-kalikasan. Kabilang sa mga anomalya ang panunuhol ng BHP Billiton-Amarcor sa lokal na guberno para pahintulutan ang pagmimina at pagkuha ng huwad na mga lider ng mga Lumad para bigyan sila ng permiso. Sinuhulan din ng nasabing kumpanya ang mga upisyal ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) para manipulahin ang pagsang-ayon ng mga Lumad kahit wala naman silang isinagawang konsultasyon sa mga minoryang maapektuhan sa operasyong pagmimina. Ang NCIP ang ahensya na dapat ay nanananggalang sa mga komunidad ng mga Lumad.

Noong Marso 13, nagsagawa ng kilos-protesta sa harap ng mga munisipyo ng Banaybanay at Lupon ang Save Sumlog River Alliance (Sasura), isang



alyansa na binubuo ng mga residente at mga grupong nagtataguyod sa kalikasan. Ito'y para ibunyang ang pagpasok ng mga korporasyon ng pagmimina sa kanilang lugar. Nanawagan sila kay Gob. Corason Malanyaon na ipatigil ang pagmimina sa Sityo Anogkot at Tabon ng Barangay Marayag, isang liblib na baryo ng munisipalidad ng Lupon. Nanawagan din sila na ideklarang protektadong erya ang 44,000 ektaryang lupain na isang watershed area malapit sa Sumlog at Tag-Ugpò River. Ang panawagan ay resulta ng inilunsad na pagsisiyasat noong Marso 10-12 sa mga minahan sa Barangay Marayag. Napag-alaman sa pagsisiyasat na ang basura sa mina mula sa mga tunnel na itinatapon ng mga nagmimina sa mga sapa ay nagreresulta sa pagbaba ng lebel ng tubig. Sinisira nito ang buong ilog.

Bago ito, naglunsad rin ng kilos-protesta ang 200 Lumad sa harap ng Mines and Geosciences Bureau sa Davao City nitong Marso 2 at nanawagan na ibasura ang Mining Act of 1995 na mas nagpapahirap sa kanilang kalagayan. Itinaon nila ang protesta sa ika-14 na anibersaryo ng pagpapatupad ng nasabing batas.

Noong Disyembre 2007, binarikadahan ng mahigit 100 taga-tribong Mandaya at mga magsasaka ang mga lugar na pinaghuhukayan ng Omega Gold Mining Company at Boston Minerals and Mining Corporation sa munisipalidad ng Boston, Davao, Oriental para kundena-hin ang operasyon sa pagmimina sa kanilang lugar. Ang buong kalupaan ng munisipalidad ng Boston ay sakop ng konse- syon ng Omega Gold Mining. **AB**



## Nepal

## Panibagong krisis sa pulitika

**K**umukulo ngayon ang panibagong krisis pampulitika sa Nepal matapos magbitiw sa pagkapunong ministro si Pushpa Kamal Dahal aliyas Prachanda ng Communist Party of Nepal-Maoist (CPN-M) at tumiwalag sa koalisyong gubyrerno ang partido noong Mayo 4.

Nagbitiw si Prachanda makaraang ibasura ni Presidente Ram Baran Yadav ang pagsibak kay Gen. Rookmangud Katawal bilang hepe ng Nepal Army (NA). Sinibak ng punong ministro si Katawal dahil sa kanyang pagsuway sa utos ng gubyrerno na itigil ang pagrerekrut ng karagdagang mga sundalo at paghadlang sa pagsasanib sa NA ng 19,000 kawal ng rebolusyonaryong People's Liberation Army alinsunod sa kasunduang pangkapayapaang pinagtibay noong 2006.

Tinututulan ng CPN-M ang pagrerekrut ni Katawal ng mahigit 3,000 bagong sundalo at pagbabalik sa pwesto ng walong sinibak na heneral nang walang konsultasyon sa Defense Ministry.

Ang paghadlang ni Presidente Yadav sa mga hakbang ng gubyrerno ni Prachanda ay bumiyak sa koalisyong nagpabagsak sa lumang monarkiya at nagbabadya ngayon ng panibagong salpukan sa pulitika.

Sunud-sunod na kilos protesta ang inilulunsad ngayon ng CPN-M at mamamayang Nepali laban sa anila'y katrayduran ni Yadav. Noong Mayo 6, daan-daang kababaihang Maoista ang nagmartsa patungo sa tirahan ng presidente para igiit ang pagpapatalsik kay General Katawal. Humigit-kumulang 1,000 namang tagasuporta ng CPN-M ang nagmartsa sa kabisera ng Kathmandu at nanawagan para sa pagbibitiw ni Yadav.

Noong Mayo 11, nagsagupa sa

Kathmandu ang mga pulis at humigit-kumulang 400 Maoista na nananawagang ibagsak si Yadav at ibasura ang tinawag nilang "kudetang konstitusyunal" ng presidente.

Hirap na hirap ngayon ang parlamento ng Nepal na magbuo ng bagong gubyrerno matapos ang pagkalas sa koalisyon ng CPN-M na bumubuo ng 40% ng kapulungan. Lumipas ang Mayo 9 na itinakdang dedlayn ni Presidente Yadav para sana makapagbuo ng bagong gubyrerno ngunit hanggang ngayon ay wala pa ring nararating ang pag-uusap ng iba't ibang partido.

Ang pagkalusaw ng gubyrernong koalisyon ay umaantala rin sa pagbabalangkas ng konstitusyon ng republika ng Nepal. Ani Prachanda, malawak na konsensus ang kailangan para malubos ang prosesong pangkapayapaan at maisulat ang konstitusyon. Marami ang nangangamba ngayon na ang umiinit na sitwasyong pampulitika ay tuluyang magwawakas sa kasunduang pangkapayapaan at muling magpapasiklab ng digmaang sibil sa bansa. **AB**



## Mayo 20

## "Araw ni Ka Bel"

**I**dineklara ni Mayor Alfredo Lim ng Maynila ang Mayo 20 bilang "Beltran Day" para parangalan ang yumaong Ka Crispin "Ka Bel" Beltran ng partidong Anakpawis. Ipagtatayo rin ng rebulto si Ka Bel sa Plaza Miranda.

Ayon kay Lim, nais niyang hikayatin ang mga mamamayan na maglunsad ng mga aktibidad na gugunita sa mahahalagang aral na iniwan ni Ka Bel, isang pinagpipitaganang lider-manggagawa.

Namatay siya noong Mayo 20, 2008 sa edad na 75, habang kinukumpuni niya ang bubong ng kaniyang bahay.

Samantala, ginawaran si Ka Bel ng mga militanteng grupo ng mga magsasaka ng parangal na "Filipino of the Century."

Ang mga militanteng grupo ng mga manggagawa naman ay naglunsad ng *walkout* mula sa kaniyang mga pabrika. Nagdaos ng piket ang mga myembro ng Kilusang Mayo Uno sa Plaza Miranda. Nagpalabas din ng mga bidyo at naglunsad ng mga talakayan sa iba't ibang komunidad para gunitain ang unang anibersaryo ng pagkamatay ni Ka Bel.

Ani Rep. Joel Maglungosod ng Anakpawis, "Ipinaglaban ni Ka Bel ang tunay na pagbabago sa lipunan na magpapalaya sa masang anakpawis mula sa tanikala ng palaging disempleyo, gutom at kahirapan. Lahat ng kanyang maiinit na diskurso noong kapanahunan niya ay nanawagan para sa pambansang industriyalisasyon at tunay na repormang agraryo. Dapat tayong matuto sa kanyang halimbawa at gawin ang lahat ng makakaya para ipaglaban ang tunay na pagbabago sa lipunan." **AB**

## Panukalang batas laban sa panggigipit sa mga aktibista, inihapag

INIHAPAG ni Bayan Muna Rep. Satur Ocampo ang isang panukalang batas na magbibigay-proteksyon sa mga kritiko ng gubyrerno laban sa mga gawa-gawang kasong isinasampa sa korte na malinaw na panggigipit lamang. Ang House Bill 5840 o anti-SLAPP (Strategic Lawsuits Against Public Participation) ay inaasahang pipigil sa ligal na panggigipit, pananakot at pagpapahirap sa mga kritiko ng gubyrerno.

Layunin ng HB 5840 na pigilan ang pag-abuso sa sistemang hudisyal sa pamamagitan ng pagbawal ng pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista at iba pang lumalaban sa gu-

byerno. Isang probisyon ng panukalang batas ang paghahabol na mabigyan ang mga biktima ng danos perwisyon, mabayaran ang gastusin sa pagsasampa ng kaso tulad ng bayad sa abugado at iba

pa.

Ang SLAPP ay mekanismo ng estado para supilin ang karapatan ng mamamayan na maglunsad ng mga kilos-protesta at igiit sa gubyrerno na tugunan ang kanilang mga hinaing. Ginagamit din ito ng malalaking korporasyon, mga pulitiko, panginoong maylupa at mga kapitalista laban sa mga magsasaka, maralitang lunsod, mamamahayag, mga estudyante at mga ordinaryong mamamayan na lumalaban para sa kanilang mga karapatan.

## Arroyo, desperadong maging *prime minister*

ISANG "lantad na lihim" na ang planong kumandidato ni Gloria Arroyo bilang kongresista sa Pampanga sa 2010. Ayon kay Makati Mayor Jejomar Binay, presidente ng United Opposition (UNO), ang lahat ng mga upisyal ng gubyrerno hanggang sa mga ordinaryong drayber ng traysikel sa ikalawang distrito ng Pampanga ay naghahanda na para sa kandidatura ni Arroyo sa 2010. Ilan sa mga palatandaan ng planong pagtakbo ni Arroyo ang linggu-linggong pagbisita niya sa distrito at pagbibigay ng mga delata at iba pang pagkain sa mga residente rito.

Desperadong kumandidato si Arroyo bilang kongresista para mahirang siyang *prime minister* at makapananatili pa rin sa poder. Tanging layunin ng ganitong manioobra na makaiwas siya sa maraming kasong isasampa laban sa kanya oras na siya'y hindi na presidente at mawalan na ng *presidential immunity* o proteksyon laban sa mga demanda. Matatandaang dawit si Gloria Arroyo sa maraming anomalya sa mga proyekto ng gubyrerno gaya ng NBN-ZTE *telecom deal*, *fertilizer fund scam*, North Rail Project, Ginintuang Masaganang Ani at iba pa.

Ngunit bago matupad ni Gloria Arroyo ang kanyang hangaring maging *prime minister* ay kailangan munang maging parlamentaryo ang sistema ng gubyrerno. Ito'y maga-

gawa lamang kapag nabago ang konstitusyon. Sa ngayon ay minamanoobra na ng Kongreso na baguhin ang konstitusyon sa pamamagitan ng *constituent assembly (con-ass)* kahit wala ang presensya ng Senado. Ito'y malinaw na labag sa konstitusyon. Subalit inaasahan ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso na pagtitibayin ng Korte Suprema ang pakanang *con-ass* dahil mayorya na ng mga mahistrado rito ay hinirang ni Arroyo.


Nakasalang na sa Kongreso kap-



wa ang HR 1109 na inihapag ni Camarines Sur Rep. Luis Villafuerte at ang HR 737 na inihapag mismo ni House Speaker Prospero Nograles at plano nilang iratsada ang *con-ass* bago matapos ang kasalukuyang sesyon ng Kongreso ngayong Hunyo 3. Ang dalawang resolusyon ay parehong nagtutulak ng pagbabago ng konstitusyon sa pamamagitan ng *con-ass* na wala ang Senado. Kunwa'y dumidistansya na sa *con-ass* si Villafuerte subalit palabas lamang ito.

Ayon kay Nograles, tataakayin ng Kongreso ang naturang mga resolusyon kahit pa magdamag nilang upuan ito.

Sakaling di man maihabol ang *con-ass* bago ang halalan sa 2010, ihahabol pa rin ito pagkatapos na pagkatapos ng eleksyon. Pangungunahan ito ni Arroyo sa pamamagitan ng patuloy na paghawak pa rin niya sa poder bilang kinatawan ng ikalawang distrito ng Pampanga at bilang Speaker of the House.

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 6  
Marso 21, 2009  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Editoryal

# Rebolusyon ang magwawakas sa pagkaatrasado at karukhaan

**N**apakalaking kabulastugan ang deklarasyon ni Gloria Arroyo na mapapabilang na ang Pilipinas sa pinakamauunlad na bansa sa mundo pagsapit ng 2020. Binibilog lamang ni Arroyo ang ulo ng mga Pilipino sa paulit-ulit na pagsasabing ilang taon na lamang ay magwawakas na ang dantaon nilang kahirapan bunga ng kanyang mga pagsisikap at hakbang. Walang naniniwala sa pinalalabas ni Arroyo na kailangan niyang manatili sa poder upang maisalba ang Pilipinas at maihatid ito sa pangako niyang kaunlaran.

Dahil sa paglala ng krisis ng malapyudal na ekonomya sa bansa at ng paghagupit ng kasalukuyang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, lalo pang magiging atrasado ang kabuhayan sa Pilipinas. Ganito rin ang tantya maging ng mga imperyalistang ahen-syang pampinansya.

Hangga't ang ekonomya ng Pilipinas ay nananatiling tagasuplay lamang sa mga imperyalista ng murang hilaw na materyales at murang lakas-paggawa, natatali sa pag-eeksport ng bahagyang naprosesong mga kalakal at hinuhuthutan ng supertubo gamit ang kaunting sobrang kapital, mananatili itong atrasado, agraryo at di industriyalisado. Palagian ding babayuhin ng permanenteng krisis ang Pilipinas at di ito uunlad kailanman sa ilalim ng bulok na sistema.

Hindi na umusad ang ekonomya at kabuuan ng lipunang Pilipino mula nang ipataw ng imperyalismong US ang kolonyal at neokolonyal na paghahari, pandarambong at pang-aapi. Mula noong dekada 1980, nang ipatupad ang imperyalistang patakarang "neoliberal na globalisasyon" at kaakibat



**Mga tam-pok**

**Pagkurakot sa pondo ng Balikatan**

PAHINA 3

**Mga paglabag sa karapatang-tao sa SMR**

PAHINA 8

**Panibagong krisis sa pulitika sa Nepal**

PAHINA 11

## Mga instruksyon sa paglilimbag

**1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

**2.** Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

**3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*